

Para sa mga gumagamit ng bisikleta sa Fukuoka Prefecture

Magsuot ng **helmet** upang maprotektahan ang iyong buhay

Bakit kailangan ang helmet?


1. Humigit-kumulang kalahati ng mga nasawi sa aksidente sa bisikleta ay nagtamo ng **nakamamatay na pinsala sa ulo**.
2. Kapag hindi nagsusuot ng helmet, **humigit-kumulang tatlong beses** na mas malakas ang impact sa ulo.
3. Ang helmet ay isang mahalagang **kagamitang pangkaligtasan** para maprotektahan ang iyong buhay.



Pumili ng helmet na akma sa sarili



Anuman ang iyong nasyonalidad



Bata man o matanda



Ang pagsusuot ng helmet kapag nagbibisikleta ay isang **obligasyon na mahigpit na hinihikayat** ng batas!

Tingnan ang likod para sa karagdagang impormasyon n ►

Alam mo ba ito?

Mga Pangunahing Patakaran sa Trapiko para sa mga Bisikleta (Limang Tuntunin sa Ligtas na Paggamit ng Bisikleta)

- 1** Bilang prinsipyo, magbisikleta sa kaliwang bahagi ng kalsada. Gamitin ang mga sidewalk bilang eksepsiyon. May prayoridad ang mga pedestrian sa sidewalk.
- 2** Sa mga interseksyon, sundin ang traffic light at huminto upang tiyakin ang kaligtasan.
- 3** Buksan ang ilaw sa gabi.
- 4** Bawal magbisikleta kapag nakainom ng alak. *Ang pagbibisikleta sa ilalim ng impluwensya ng alak (higit sa itinakdang limitasyon) at pagbibisikleta nang lasing ay may kaukulang parusa sa Road Traffic Act.
- 5** Magsuot ng helmet.

Pagpili ng helmet

- Helmet na akma sa sukat ng iyong ulo
- Mga bagay na nakakatugon sa pamantayan sa kaligtasan
(markang SG, markang JCF)



Tamang pagsuot ng helmet

- ① Isuot nang pantay sa ulo.
- ② Isuot hanggang sa ibabaw ng mga kilay.
- ③ Ayusin ang strap sa ilalim ng baba.



Ang mga bisikleta ay itinuturing ding sasakyan. Sundin ang mga patakaran sa trapiko.

Upang maiwasan ang mga aksidente sa bisikleta, ipinatutupad ang “Traffic Violation Notification System (Traffic Ticket)” para sa ilang paglabag sa batas trapiko. (Ipinatupad noong Abril 1, 2026)

- Mga taong sakop Lahat ng mga nasa edad 16 taong gulang pataas na gumagamit ng bisikleta
- Halimbawa ng paglabag : Pagpasok sa lugar na bawal pasukin, hindi paghinto sa mga itinalagang lugar, paggamit ng mobile phone, pagbibisikleta habang may hawak na payong at iba pa



May bicycle insurance (bicycle liability insurance at iba pa) ka ba?



Ayon sa ordinansa ng prefecture, kinakailangang mayroong bicycle insurance! Upang maprotektahan ang iyong sarili at ang mga maaaring mabiktima, kumuha ng bicycle insurance bilang paghahanda kung sakaling magkaroon ng aksidente!

Para sa karagdagang impormasyon

Kaligtasan sa trapiko ng mga bisikleta



Bicycle insurance



Tungkol sa pagsusuot ng helmet



交通事故をなくす福岡県民運動本部
(福岡県・福岡県警察・市町村・(一財)福岡県交通安全協会ほか)

